Gabay sa mga Karapatan at Suporta para sa mga Dayuhang Nabiktima ng Krimen

Kung ikaw ay biktima ng isang krimen, mayroon kang mga sumusunod na karapatan at maaari ka ring makatanggap ng suporta.

- Kung nababalisa o nag-aaalala ka dahil sa isinasagawang imbestigasyon o paglilitis, maaari kang magpasama sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaari ka ring humiling ng interpreter, o maaari ka ring personal na magpakita sa paglilitis upang ibigay ang inyong opinyon tungkol sa kaso.
- Kung ikaw ay biktima ng mga krimen ng pang-aabusong sekswal o pang-aabuso ng bata (child abuse), maaari kang humingi ng tulong sa pamamagitan ng pagpili ng abugadong tutulong sa iyo sa kriminal na paglilitis. Sakali namang wala kayong abugado, maaari kayong humingi ng tulong sa isang pampublikong abugado na siyang pinili ng taga-usig.
- Kung ikaw ay biktima ng mga krimen ng karahasan sa pamilya o pang-aabuso sa bata (child abuse), maaari mong hilingin ang taga-usig (prosecutor) o pulis na gumawa ng mga hakbang tulad ng pagbibigay ng restraining order sa may sala, o maaari mong hilingin sa hukuman na gumawa ng mga hakbang upang mapangalagaan ka nang direkta.
- Kung hindi ka makatanggap ng kabayaran o danyos mula sa may sala, maaari kang makatanggap ng pinansiyal na suporta, tulad ng para sa mga medikal na gastusin, mula sa Opisina ng Taga-usig (Prosecutor's Office) pagkatapos sumailalim sa pagsisiyasat. (Gayunpaman, sa kasong ito, kinakailangang patunayan ng biktima na siya ay lehitimong residente ng Korea. Kung sakali namang ang may sala ay isa ring dayuhan, kinakailangang tapos na magparehistro bilang dayuhan sa Korea ang biktima.)
- Kung biktima ka ng karahasan sa pamilya o pang-aabusong sekswal, maaari kang mag-aplay para sa ekstensyon ng iyong pananatili sa Korea hanggang sa matapos ang imbestigasyon, paglilitis, o proseso sa pagbibigay lunas. (Gayunpaman, sa kaso ng karahasan sa pamilya, ang iyong asawa ay dapat na isang mamamayan ng Republika ng Korea.)
- Kung ang isinasagawang paglilitis o imbestigasyon ay may kinalaman sa malalalang krimen gaya ng pagpatay, pisikal na pinsala o kaya mga krimeng gaya ng pagnanakaw, panloloko (fraud) at iba pang krimen na may kinalaman sa buhay o ari-arian, at ang biktimang sangkot sa nasabing kaso ay isang ilegal na dayuhan, hindi maaaring ipagbigay-alam ng namamahala ang personal na impormasyon ng biktima sa Office of Immigration.

※ Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Sentro ng Suporta sa Biktima sa Opisina ng Mga Ahensya ng Publiko (☎ 1577-2584) o bisitahin ang site ng Kriminal na Katarungan (www.kics.go.kr).

※ Kung nais ninyong magpakonsulta sa isang kaso sa Prosecutor's Office, o kung kinakailangan ninyo ng interpreter, mangyaring tumawag o personal na bumisita sa Prosecutor's Office. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa inyong embahada o kaya ay tumawag sa Multicultural Family Support Center (☎1577-1366).

< Nakumpirma ko na natanggap ko ang impormasyon sa itaas.> 20 . . . Pangalan Lagda

<Kapag ibang paraan ibinigay ang gabay> Pasalita□ Telepono□ FAX□ Mail□ At iba pa□ Tagapamalakad Lagda